Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKAAPAT NA REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 27 HULYO 1998, 9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	
Kagawad Cesar T. Baticos	
Kagawad Ramil O. Dimapilis	
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	
Kagawad Eduardo K. Soriano	
Kagawad Juan S. Advincula	
Kagawad Angeles D. Bautista	
Kagawad Mae Arlene M. Talens	
Kagawad Eduardo G. Villamin	- ABC President
Kagawad Randy P. Valencia	- SK Chairman

Hindi Nakadalo:

W A L A

PAMBAYANG ORDINANSA BLG. 01
Taong 1998

ORDINANSANG NAGSUSUSOG SA SEKSYON II - b, k, d, e, SEKSYON III – a, SEKSYON VI – c NG ORDINANSA BLG. 03 TAONG 1993 NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

IPINAG-UUTOS NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA :

SEKSYON I - Ang ordinansang ito ay kikilalaning Ordinansang Nag-aatas ng Paradahan, Kargahan at Diskargahan ng mga Paninda o Produkto Para sa Mga Sasakyang Pampubliko at Pagtatakda ng Bilis ng Takbo sa loob ng Bayan ng Roxas.

SEKSYON II - Ang paradahan ng mga sasakyang pampubliko ay gaya ng sumusunod:

a) Lahat ng sasakyang pampubliko hangga't maaari ay dapat magkaroon ng sariling terminal;

b) Lahat ng sasakyang bus na pampubliko ay paparada sa Magsaysay St. sa gilid ng Roxas College, isang bus lamang ayon sa iskedyul ng pag-alis at limampung metro (50) ang layo buhat sa kanto;

k) Ang mga pampasaherong diyep papuntang Bulalacao at Mansalay ay sa Sampaguita Street;

d) Ang mga pampasehong diyep patungong San Rafael, San Mariano, Bongabong ay paparada sa Administration Street sa harap ng seksyon ng magdadamit (dry goods section);

e) Ang mga traysikel ay paparada sa harapan ng seksyon ng groserya at magdadamit along Morente St.

f) Ang pampasaherong FX, L300 na hindi kasapi sa Spearhead ay paparada sa Magsaysay St. sa gilid ng Roxas College tatlumpung (30) metro ang layo sa kanto.

SEKSYON III

a) Ang paradahan ng mga traybayk o padyak ay sa paligid ng seksyon ng gulayan/prutas.

SEKSYON IV - Ang mga pampublikong pampasaherong diyep (PUJ) at mga sasakyang traysikel at traybayk ay binabawalang pumarada sa mga sumusunod:

a) Mula sa kanto ng Magsaysay at Morente Street patungong kanto ng Villaresis Street at mula sa kanto ng Morente – Magsaysay Street patungong kanto ng Fabella Street.

b) Mula sa kanto ng Administration Street at Magsaysay Street.

SEKSYON V - Ang pagkakarga at pagdidiskarga ay ipinagbabawal sa mga sumusunod na lugal:

a) Sa kanto ng Administration Street at Sampaguita Street

SEKSYON VI - Ipinagbabawal sa mga sasakyang de-motor/pampublikong sasakyan at mga padyak ang pagpasok sa mga one-way traffic:

a) Morente Street kanto ng Magsaysay Street papuntang palengke;

b) Administration Street from Corner Cabrera Street patungo sa cor. Magsaysay St.

k) Oras ng pagpasok – pagitan ng 6:00 ng hapon hanggang 6:00 ng umaga.

SEKSYON VII - Ang bilis ng takbo ng mga pampublikong sasakyang bus, diyep at traysikel sa loob ng bayan ay di hihigit sa labinlimang (15) kilometro bawa't oras.

SEKSYON VIII - Anumang ordinansa sa nakaraan na ang probisyon ay taliwas dito ay pinawawalang-bisa.

SEKSYON IX - Anumang paglabag sa ordinansang ito ay parurusahan ng multang P50 sa unang pagkakasala, P100 sa ikalawang pagkakasala at P300 sa ikatlong pagkakasala o pagkansela ng prangkisa o di kaya ay multa o pagkansela ayon sa itinatadhana ng hukuman.

Sa mungkahi ni Kagawad Juanito A. Bacay, Jr. at pinangalawahan ni Kagawad Angeles D. Bautista -

Ang kautusang ito ay lubos na pinagtibay.

PINATUTUNAYAN KO ang kawastuan ng ordinansang ito.

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

GONZALO C. SIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

merz/pilz

Recd.

Conservation 1/20/05

Received Mgfdo 01.27.05

Recd Leg. SP04 Abaquen 06-13-07

4/18/4

02/11/04
Peter Fuentes (Yym)